








Si Manok at Si Milipid

Chicken and Millipede

-  Winny Asara
-  Magriet Brink
-  Karla Comanda
-  Tagalog / English
-  Level 3





Magkaibigan si Manok at si Milipid. Pero lagi silang nakikipagpaligsahan sa isa't isa. Isang araw, napagpasyahan nilang maglaro ng putbol para makita kung sino ang pinakamagaling na manlalaro.

...

Chicken and Millipede were friends. But they were always competing with each other. One day they decided to play football to see who the best player was.



Nagtungo sila sa putbolan at inumpisahan ang kanilang laro. Mabilis si Manok, pero mas mabilis si Milipid. Malayo ang sipa ni Manok, pero mas malayo ang sipa ni Milipid. Nag-umpisang uminit ang ulo ni Manok.

...

They went to the football field and started their game. Chicken was fast, but Millipede was faster. Chicken kicked far, but Millipede kicked further. Chicken started to feel grumpy.



Napagpasyahan nilang maglaro ng penalty shoot-out. Nag-goalkeeper muna si Milipid. Isang gol lang ang na-iskor ni Manok. Pagkatapos, naging taya naman si Manok para depensahan ang gol.

...

They decided to play a penalty shoot-out. First Millipede was goal keeper. Chicken scored only one goal. Then it was the chicken's turn to defend the goal.



Sinipa ni Milipid ang bola at naka-iskor siya. Dinribol ni Milipid ang bola at naka-iskor siya. Inulunan ni Milipid ang bola at naka-iskor siya. Naka-limang gol si Milipid.

...


Millipede kicked the ball and scored.
Millipede dribbled the ball and scored.
Millipede headed the ball and scored.
Millipede scored five goals.



Galit na galit si Manok sa kanyang pagkatalo. Pikon siyang talunan. Tinawanan ni Milipid si Manok dahil nagiinarte ang kaibigan niya.

...

Chicken was furious that she lost. She was a very bad loser. Millipede started laughing because his friend was making such a fuss.



Sa sobrang galit ni Manok, tinuka niya si Milipid at nilunok ito.

...

Chicken was so angry that she opened her beak wide and swallowed the millipede.



Habang lumalakad pauwi si Manok, nakasalubong niya si Mama Milipid. Tanong ni Mama Milipid, “Nakita mo ba ang anak ko?” Hindi sumagot si Manok. Nag-alala si Mama Milipid.

...

As Chicken was walking home, she met Mother Millipede. Mother Millipede asked, “Have you seen my child?” Chicken didn’t say anything. Mother Millipede was worried.



Pagkatapos, may narinig na maliit na boses si Mama Milipid. “Tulong, Mama!” iyak ng boses. Tumingin si Mama Milipid sa paligid niya at nakinig ng mabuti. Nanggaling ang boses mula sa loob nang manok.

...

Then Mother Millipede heard a tiny voice. “Help me mom!” cried the voice. Mother Millipede looked around and listened carefully. The voice came from inside the chicken.



Sigaw ni Mama Milipid, “Anak, gamitin mo ang iyong espesyal na kapangyarihan!” Kayang gumawa ng mga milipid ng mabahong amoy at masamang lasa. Nag-umpisang sumama ang pakiramdam ni Manok.

...

Mother Millipede shouted, “Use your special power my child!” Millipedes can make a bad smell and a terrible taste. Chicken began to feel ill.



Dumighay si Manok. Pagkatapos,
lumunok at dumura siya. Pagkatapos ay
bumahing at umubo siya. At umubo.
Kadiri ang milipid!

...

Chicken burped. Then she swallowed and
spat. Then she sneezed and coughed. And
coughed. The millipede was disgusting!



Umubo si Manok hanggang sa naiubo niya ang milipid na nasa kanyang sikmura. Gumapang si Mama Milipid at ang kanyang anak sa isang puno para magtago.

...

Chicken coughed until she coughed out the millipede that was in her stomach. Mother Millipede and her child crawled up a tree to hide.



Mula noon, naging magkaaway ang mga manok at mga milipid.

...

From that time, chickens and millipedes were enemies.



Storybooks Canada

storybookscanada.ca

Si Manok at Si Milipid

Chicken and Millipede

Written by: Winny Asara

Illustrated by: Magriet Brink

Translated by: (tl) Karla Comanda

This story originates from the African Storybook (africanstorybook.org) and is brought to you by Storybooks Canada in an effort to provide children's stories in Canada's many languages.



This work is licensed under a Creative Commons
[Attribution 3.0 International License](http://creativecommons.org/licenses/by/3.0/).